

Malubhang Pagdurugo


Malubha o makamamatay ang pagdurugo kung:

- Tuloy-tuloy na dumadaloy ang dugo.
- Sumisirit ang dugo.
- May natapon nang dugo na nasa kalahating lata ng softdrinks ang dami.
- Naiipon ang dugo.

Maaaring magkaroon ng ganitong pagdurugo kapag may na-injure nang malubha gaya kapag may aksidente o pagsabog.


Kung makamamatay itong pagdurugo ng braso o binti, **naaangkop ang tourniquet.**

Kung makamamatay itong pagdurugo, na hindi ng braso o binti, **mag-apply ng mariin na direktang pressure.**




Instructions sa Paglalagay ng Tourniquet


Ipulupot ang tourniquet nang 2-3 pulgada (5-8 cm) na mas mataas sa sugat. Nasa pagitan dapat ito ng katawan at ng sugat.




1. **Hilahin** ang dulo ng Velcro strap. Ilusot ito sa buckle. Mahigpit itong idikit nang pabalik sa sarili nito.



2. **Pihitin** ang rod. Pihitin lang nang pihitin hanggang huminto ang pagdurugo. Normal lang na makasakit ito.



3. **Ipitin** ang rod gamit ang maliit na Velcro strap para hindi ito kumalas. Kung hindi pa rin huminto ang pagdurugo, maglagay ng isa pang tourniquet sa itaas ng nauna, nang mas malapit sa katawan.



IHINTO
ANG PAGDURUGO